



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California
Toll-free (800) 776-5746*

Iyong Karapatan na Makatanggap ng Impormasyon at mga Serbisyo sa Iyong Katutubong Wika mula sa Sentrong Pangrehiyon para sa mga Indibidwal na 3 Gulang at Mas Matanda.

Abril 2016, Lat. #F101.08

Ang sipi ng katotohanan na ito ay tumatalakay sa mga batas na nagpapahintulot sa iyo na makakuha ng impormasyon, mga serbisyo, at mga Planong Indibidwal na Programa (IPP, Individual Program Plans) sa iyong katutubong wika mula sa sentrong pangrehiyon para sa mga indibidwal na 3 gulang at mas matanda.

Mangyaring tandaan na ang Sentrong Pangrehiyon ng Harbor (HRC, Harbor Regional Center) ay gumagamit ng mga terminong “Naibabagay na Plano ng Serbisyo ng Pamilya” o “IFSP” sa halip na “Plano ng Indibidwal na Programa” o “IPP” para sa mga mamimiling 3 gulang o mas matanda. Ang paglalathalang ito ay sumasaklaw sa mga mamimili ng sentrong pangrehiyon o mga aplikanteng 3 taong gulang o mas matanda. Para sa impormasyon para sa mga batang mas bata sa 3, mangyaring tingnan ang aming lathala: **“Ang Mga Karapatan ng Inyong Sanggol at Maliliit na Bata (0-3 gulang) upang Makatanggap ng Impormasyon at mga Serbisyo sa Iyong Katutubong Wika mula sa Sentrong Pangrehiyon sa ilalim ng Programa ng Maagang Simula” (Your Baby’s and Toddler’s Rights [0-3 years] to Receive Information and Services in Your Native Language from the Regional Center under the Early Start Program)** sa: <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/F10001.pdf>.

Ang batas na kilala bilang Panukalang-Batas ng Senado (SB, Senate Bill) 555 (Correa) at SB 82 (Komite sa Pag-aaral ng Budget at Pananalapi 2015 [Committee on Budget and Fiscal Review 2015]), ay naglililaw sa tungkulin ng sentrong pangrehiyon sa ilalim ng Batas Lanterman (Lanterman Act) upang magbigay sa iyo ng impormasyon at mga serbisyo sa iyo sa iyong katutubong wika. Makikita mo ang dalawang batas na ito rito: SB 555:

http://www.leginfo.ca.gov/pub/13-14/bill/sen/sb_0551-0600/sb_555_bill_20131009_chaptered.pdf at SB 82:

http://www.leginfo.ca.gov/pub/15-16/bill/sen/sb_0051-0100/sb_82_bill_20150624_chaptered.pdf

May ilang tao na nakatatanggap ng mga serbisyo mula sa mga sentrong pangrehiyon na hindi nagsasalita ng Ingles o limitado sa pagsasalita o pag-intindi ng Ingles. Hindi kinakailangan na ikaw ay nagsasalita, nakababasa, o nakasusulat sa Ingles para makakuha ng mga serbisyong kailangan mo o ng anak mo mula sa sentrong pangrehiyon. Sinisiguro ng mga batas na ito na ang mga mamimili na hindi nagsasalita o limitado ang pagsasalita ng Ingles at ang kanilang mga pamilya ay may pantay na impormasyon tungkol sa mga serbisyo at suporta ng sentrong pangrehiyon.

1. Paano inilalarawan ng Batas Lanterman ang “katutubong wika?”

Inilalarawan ng Batas Lanterman ang “katutubong wika” bilang wika na karaniwan mong ginagamit o mas gusto, at kung angkop, ang wikang ginagamit o mas gusto ng iyong magulang, legal na tagapag-alaga, tagakandili, o awtorisadong kinatawan. Halimbawa, kung ikaw ay limitado ang kakayahan na magsalita ng Ingles at karaniwang kang nagsasalita ng Espanyol, ang iyong katutubong wika ay Espanyol. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California (California Welfare and Institutions Code) sek. 4512(m).

2. Paano kung ako ay bingi o hirap sa pagdinig, bulag o may kapansanan sa paningin? Ano ang ginagawa ng sentrong pangrehiyon upang siguruhin ang epektibong pakikipag-ugnayan sa akin?

Kung ikaw ay bingi o hirap sa pagdinig, bulag o may kapansanan sa paningin at ikaw ay isang kliyente na naghahanap ng mga serbisyo mula sa sentrong pangrehiyon, ang sentrong pangrehiyon ay dapat na makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga alternatibong serbisyo ng pakikipag-ugnayan. Kodigo ng Kapakanan

at Institusyon ng California mga seksyon 4642(b), 4643(d), at 4646(h). Ang mga serbisyong ito ay dapat na may mga angkop na mga karagdagang tulong at serbisyo kung kinakailangan. Sa pagpapasya kung paano makikipag-ugnayan sa iyo, dapat na isaalang-alang ng sentrong pangrehiyon ang mga karagdagang tulong at serbisyo na iyong hiniling. Tingnan ang Kodigo ng Pamahalaan ng California (California Government Code) sek. 11135(b), 42 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) sek. 12132, at 28 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) sek. 35.160(b). Dagdag pa, ang mga sentrong pangrehiyon ay mga lugar ng mga pampublikong panuluyan, na dapat na sumunod sa iniaatas ng Titulo III ng Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA, Americans with Disabilities Act) sa mga taong may kapansanan sa pagdinig at paningin. 42 U.S.C. sek. 12192. Sa ilalim ng ADA Titulo III para sa pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan sa pagdinig o paningin, kasama ang interpreter para sa sign language, Braille, o malalaking print, o mga audio recording sa mga kinakailangang karagdagang tulong at serbisyo. 28 C.F.R. sek. 36.303.

Maaari lamang maiwasan ng sentrong pangrehiyon (regional center) ang mga responsibilidad na ito kung maipapakita nila na ang pagsunod ay lubos na babaguhin ang mga serbisyong ibinibigay o magiging labis na magpapahirap sa sentrong pangrehiyon. Kung naniniwala ka na nilalabag ng sentrong pangrehiyon ang ADA, dapat kang magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Hukom (DOJ, Department of Justice); ang impormasyon kung paano magsampa ng reklamo sa ADA ay makikita sa http://www.ada.gov/filing_complaint.htm.

3. Naniniwala ako na ako (o aking ang anak) ay mayroong kapansanan sa pagsulong. Ano ang dapat gawin ng sentrong pangrehiyon?

Kung naniniwala ka na ikaw (o iyong ang anak) ay mayroong kapansanan sa pagsulong, karapat-dapat ka sa panimulang pagtanggap sa sentrong pangrehiyon. Kailangang isagawa ng sentrong pangrehiyon ang panimulang pagtanggap sa loob ng 15 araw ng trabaho mula ng nakipag-ugnayan ka sa sentrong pangrehiyon para sa tulong. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4642.

4. Ang panimulang pagtanggap ba ay dapat na nasa aking katutubong wika?

Oo. Kailangang isagawa ng sentrong pangrehiyon ang panimulang pagtanggap sa iyo at sa iyong pamilya sa iyong katutubong wika. Ibig sabihin, halimbawa, kung karaniwan ka o mas gusto mong magsalita sa Espanyol, dapat na makipag-ugnayan ang sentrong pangrehiyon sa iyo sa Espanyol sa panimulang pagtanggap. Maaari lamang maiwasan ng sentrong pangrehiyon ang mga responsibilidad na ito kung mapag-alaman ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pagsulong (DDS, Department of Developmental Services) na magiging labis na magpapahirap sa sentrong pangrehiyon ang makipag-ugnayan sa iyo sa Espanyol. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4642(b). Kung mapag-alaman ng DDS na ang pagsasagawa ng pagtanggap sa Espanyol ay magiging labis na magpapahirap, ang panimulang pagtanggap ay dapat pa ring isagawa, subalit isasagawa ito sa Ingles.

5. Ano ang dapat na kasama sa panimulang pagtanggap?

Dapat na kasama sa panimulang pagtanggap ang impormasyon at payo sa iyo na mula sa sentrong pangrehiyon tungkol sa mga serbisyong ibinibigay ng sentrong pangrehiyon at mga serbisyong ibinibigay ng ibang ahensiya sa komunidad. Maaaring kasama dito ang kalusugan sa pang-isip, pabahay, edukasyon, mga may pagsasanay kaugnay sa trabaho, medikal, dental, panglilibang at iba pang mga serbisyo o programa na maaaring makabuluhan sa taong may kapansanan sa pagsulong o sa pamilya ng tao. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4642(a)(2). Ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa sentrong pangrehiyon at iba pang mga ahensiya at kanilang mga serbisyo ay dapat na ibigay sa katutubong wika.

6. Kailangan bang kasama sa panimulang pagtanggap ang desisyon kung magbibigay ang sentrong pangrehiyon ng pagtatasa?

Oo. Dapat na kasama sa iyong panimulang pagtanggap sa sentrong pangrehiyon ang desisyon nito kung magbibigay ba ito o hindi ng pagtatasa. Dapat na nasa katutubong wika mo ang desisyon ng

sentrong pangrehiyon. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4642(b).

7. Kung ako (o ang anak ko) ang mangailangan ng pagtatasa, kailangan bang isagawa ng sentrong pangrehiyon ang pagtatasa sa aking katutubong wika?

Oo. Kung mapagdesisyunan ng sentrong pangrehiyon na kinakailangan ng pagtatasa, dapat na isagawa ang pagtatasa sa iyong katutubong wika maliban na lamang kung mapag-alaman ng DDS na magiging labis na magpapahirap sa sentrong pangrehiyon ang gawin ito. Maaaring kasama rito ang paggamit ng mga empleyado na nagsasalita ng iyong wika o paggamit ng tagapagsalin ng wika at pagbibigay sa iyo ng nakasulat na mga babasahin na nasa iyong katutubong wika. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4643(d).

8. Gaano kabilis dapat magsagawa ang sentrong pangrehiyon ng pagtatasa?

Kailangan na magsagawa ang sentrong pangrehiyon ng pagtatasa sa loob ng 120 araw matapos ang panimulang pagtanggap. Subali't, ang pagtatasa ay dapat na maisagawa ng mas maaga – hindi lalampas ng 60 days matapos ang panimulang pagtanggap – kung mas matatagalan, ang mga antala ay maaaring maglagay sa iyo o sa iyong anak sa hindi kinakailangang peligro sa kalusugan at kaligtasan mo o ng iyong anak, o magdulot ng makabuluhang pagkaantala sa mental o pisikal na pagsulong mo o ng iyong anak, o maging sanhi ng napipintong peligro na ikaw o ang iyong anak ay mailagay sa mga mahigpit na kapaligiran. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4643(a).

9. Ano ang karaniwang kasama sa pagtatasa?

Maaaring kasama sa pagtatasa ang pagkolekta at pag-aaral ng mga pangkasaysayang datos, pagkuha ng angkop na pagsusuri at pagsiyasat, alamin ang lebel ng kapansanan at kinakailangang mo o ng iyong anak na mga serbisyo, at pagsasaalang-alang ng mga pagsiyasat at pagsusuri, kung ang pagtatasa ay para malaman ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong

pangrehiyon. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4643(a) at (b).

10. Paano naman ang pagpapalano at pagsulong ng IPP at ng pagpupulong ng IPP mismo? Kailangan bang isagawa ng sentrong pangrehiyon ang mga ito sa aking katutubong wika?

Oo. Kailangang makipag-ugnayan ang sentrong pangrehiyon sa iyo (o sa iyong pamilya kung saan naaangkop) sa iyong katutubong wika sa pagpapalano at pagsulong ng IPP at sa pagpupulong ng IPP mismo. Maaari lamang maiwasan ng sentrong pangrehiyon ang mga responsibilidad na ito kung maipapakita sa DDS na ang makipag-ugnayan sa iyo sa iyong katutubong wika ay magiging labis na magpapahirap. Halimbawa, kung karaniwan ka o mas gusto mong magsalita sa Vietnamese, dapat na makipag-ugnayan ang sentrong pangrehiyon sa iyo sa Vietnamese upang planuhin at isulong ang iyong IPP at sa iyong pagpupulong ng IPP. Kasama sa mga paraan para magawa ito ng sentrong pangrehiyon ay ang paggamit ng empleyado ng sentrong pangrehiyon na nagsasalita ng iyong wika, o paggamit ng tagapagsalin ng wika at pagbibigay sa iyo ng nakasulat na mga babasahin na nasa iyong katutubong wika. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4646 (h)(1).

11. Maaari ba akong makakuha ng kopya ng aking IPP sa aking katutubong wika?

Oo. Kailangan na magbigay sa iyo ang sentrong pangrehiyon ng kopya ng IPP sa iyong katutubong wika, o kung angkop, ang wikang ginagamit o mas gusto ng iyong magulang, legal na tagapag-alaga, tagakandili, awtorisadong kinatawan, o pareho, maliban na lamang kung mapag-alaman ng DDS na magiging labis na pagpapahirap ito sa sentrong pangrehiyon. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4646(h)(2).

12. Gaano kabilis ko makukuha ang kopya ng aking IPP sa aking katutubong wika.

Nagdedepende ito. Kung humiling ka ng naisalin sa wikang IPP at ang iyong wika ay itinuturing na “pangunahing wika”, kailangan na magbigay sa iyo ang sentrong pangrehiyon ng kopyang naisalin sa wika sa loob ng 45 araw ng iyong paghiling. Ang isang wika ay

itinuturing na “pangunahing wika” kapag may tiyak na bilang o porsiyento ng tao ang nagsasabi na ito ang kanilang pangunahing wika. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4646.5 (a)(5).

13. Ano ang mangyayari kung ang aking wika ay hindi itinuturing na “pangunahing wika”?

Kung ang iyong wika ay hindi itinuturing na “pangunahing wika”, ang sentrong pangrehiyon ay maaring abutin ng mas mahaba sa 45 araw upang maipadala sa iyo ang IPP na naisalin sa wika. Subalit, ang sentrong pangrehiyon ay dapat na subaybayan kung ilang beses na aabutin ng mahigit sa 60 araw ang pagbibigay ng IPP. Dapat na isama ng sentrong pangrehiyon ang mga datos sa ulat ng Datos ng Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service Data report) at ipaskil ang ulat sa website ng sentrong pangrehiyon. Ang datos na ito ay inuulat din sa DDS at nakapaskil din sa website ng DDS. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4519.5 (a). Maaari mong isaalang-alang ang pagsampa ng tinatawag na reklamong Seksyon 4731 kung mangyari ito. Para sa karagdagang impormasyon sa mga reklamong Seksyon 4731 tingnan sa:

<http://www.disabilityrightsca.org//pubs/PublicationsRULAEnglish.htm>
Chapter 12.

14. Paano ko malalaman kung ang aking wika ay isang “pangunahing wika”?

Ang Espanyol ay isang pangunahing wika para sa karamihan ng mga county sa California. Ang ilang county ay mayroong mas maraming pangunahing wika kaysa sa iba. Halimbawa, ang mga pangunahing wika sa County ng Los Angeles ay Arabo, Armenian, Cambodian, Tsino, Ingles, Farsi, Koreano, Ruso, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese. Para sa karagdagang impormasyon at para makita kung ang iyong wika ay itinuturing na pangunahing wika sa iyong county, tingnan sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/Documents/MMCDAPLsandPolicyLetters/APL2014/APL14-008.pdf>

15. Kailangan bang idokumento ng sentrong pangrehiyon kung ano ang katutubo kong wika sa IPP?

Oo. Kailangang ilagay ng sentrong pangrehiyon kung ano ang iyong katutubo wika sa IPP. Halimbawa, kung ikaw ay nagsasalita o mas gustong magsalita sa Koreano, kailangang ilagaya ng sentrong pangrehiyon na Koreano ang iyong katutubo wika sa IPP. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4646(h)(3).

16. Ano ang maaari kong gawin kung hindi idinokumento ng aking sentrong pangrehiyon ang aking katutubong wika o hindi nagsagawa ng pagtanggap, pagtatasa, pagsiyasat, o proseso ng pagpapalano ng IPP sa aking katutubong wika?

Kung hindi idinokumento ng iyong sentrong pangrehiyon ang iyong katutubong wika o hindi nagsagawa ng pagtanggap, pagtatasa, pagsiyasat, o proseso ng pagpapalano ng IPP sa iyong katutubong wika, maaari kang magsampa ng reklamo. Sa ilalim ng section 4731 ng Batas Lanterman, maaari kang magsampa ng reklamo laban sa sentrong pangrehiyon kung naniniwala ka na ang iyong karapatan ay nilabag o hindi ibinigay. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4731. Upang magsampa ng reklamo, sumulat ng maikling sulat sa direktor ng sentrong pangrehiyon. Para sa listahan ng mga direktor ng sentrong pangrehiyon at kanilang impormasyon ng pakikipag-ugnayan, tingnan sa <http://www.dds.ca.gov/RC/RCList.cfm>.

Dapat na kasama sa sulat mo ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono, at impormasyon kung ano ang nangyari, ano ginawa mo para malutas ito, mga pangalan ng mga taong kasangkot at ano ang lunas para maiayos ang nangyari. Maaari kang magsampa ng reklamo sa iyong katutubong wika.

Matapos mong isampa ang iyong reklamo, mayroong 20 araw ng trabaho ang direktor ng sentrong pangrehiyon upang imbestigahan at ipadala sa iyo ang nakasulat na iminungkahing resolusyon. Kung hindi ka sumasang-ayon sa iminumungkahing resolusyon, maaari mong isangguni ang iyong reklamo sa DDS sa loob ng 15 araw ng trabaho. Mayroong 45 araw upang mag-imbestiga at magpadala sa iyo ng tugon. Kodigo ng Kapakanan at Institusyon ng California sek. 4731(c).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong karapatan na magsampa ng reklamo, mangyaring tingnan ang tanong 41-44 ng Kabanata 12 ng lathalang “Mga Karapatan sa Ilalim ng Batas Lanterman” (Rights Under the Lanterman Act) sa sumusunod na link:
<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/506301Ch12.pdf>

Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang pinagmulan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpondo, pumunta sa
[http://www.disabilityrightsca.org/
Documents/ListofGrantsAndContracts.html](http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html).